

Tungkol sa Subsidyo sa Gastos sa Pagpasok sa Klase ng Wikang Hapon

Ang Lungsod ng Hachioji ay nagbibigay ng buong subsidyo para sa gastos sa pagbiyahe ng mga mag-aaral na pumapasok sa Klase ng Wikang Hapon gamit ang pampublikong transportasyon, tulad ng bus at tren, o pribadong sasakyan.

1. Mga Karapat-dapat Tumanggap ng Subsidyo

Mga mag-aaral na pumapasok sa Klase ng Wikang Hapon sa Yui Dai-ichi Elementary School, Minami-Osawa Elementary School, o Uchikoshi Junior High School, at gumagamit ng pampublikong transportasyon o pribadong sasakyan para sa pagpasok, na may layo ng biyahe na higit sa 2 kilometro.

2. Halaga ng Subsidyo

Ang buong halaga ng gastos sa pagbiyahe papunta sa Klase ng Wikang Hapon ay sasagutin. Para sa mga gumagamit ng pribadong sasakyan, ang halagang katumbas ng gastos sa gasolina ang ibibigay.

Ang subsidyo ay ibinibigay dalawang beses sa isang taon:

Unang yugto: Abril hanggang Setyembre

Ikalawang yugto: Oktubre hanggang Marso

3. Pag-aaplay

Mangyaring magsumite ng online na aplikasyon para sa Subsidyo sa Gastos sa Pagpasok sa Klase ng Wikang Hapon.

4. Paraan ng Pagbabayad

Ang subsidyo ay ililipat sa itinalagang bank account.

5. Mga Paalala

Ang bank account ay dapat nakapangalan sa magulang o tagapag-alaga na siyang aplikante.

Mangyaring ilagay nang buo at tama ang pangalan ng bangko at sangay (branch), nang walang anumang pagkukulang.

6. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Education Guidance Section, School Education Division

Hachioji City Board of Education

3-24-1 Motohongo-cho, Hachioji-shi, Tokyo 192-8501

Tel.: 042-620-7339